# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-11 ng Disyembre, 2023

**KINAKAILANGAN ANG MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN PARA SA PRESIDENSYAL NA PRIMARYA SA IKA-5 NG MARSO**

Ang mga manggagawa sa botohan, lalo na ang mga bilingguwal sa alinmang sampung mga espisikong wika, ay kinakailangan para sa Presidensyal na Primaryang Eleksyon sa Ika-5 ng Marso.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay inirerequire ng batas pederal na magbigay ng mga bilingguwal na tagapagsalita at materyales sa botohan para sa mga botanteng nagsasalita ng wikang Chinese, Filipino, Spanish at Vietnamese.

Dagdag pa rito, ang mga requirement ng estado at county ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mga nagsasalita ng Arabic, Japanese, Korean, Laotian, Somali at Persian (Farsi and Dari) sa mga piling vote center sa buong county, samakatuwid ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagre-recruit din ng mga manggagawa sa botohan na bilingguwal sa mga wikang iyon.

Ang mga manggagawa sa botohan ay may esensyal na ginagampanan sa mga eleksyon at maaaring makatanggap ng pang-araw-araw na stipend habang nagsisilibi sa kanilang komunidad. Sa ilalim ng Voter’s Choice Act, pinalitan ng mga vote center ang mga tradisyonal na mga lugar ng botohan.  Ang mga vote center ay bukas sa buong county para sa pinahabang panahon bago ang Araw ng Eleksyon.  Sa halip na isang araw na serbisyo, ang mga manggagawa sa botohan ay kinakailangan para tauhan ang mga vote center hanggang sa 11 araw sa loob ng dalawang linggo bago ang Araw ng Eleksyon.

Kasama sa mga responsibilidad ang:

- Pagbibigay ng magandang serbisyon sa customer
- Pagtulong sa mga botante
- Pagsumite ng papeles ng stipend
- Pagdadalo sa dalawang-araw, bayad na pagsasanay ng manggagawa sa botohan ($95 araw-araw na stipend)
- Pagbubukas/pagsasara ng vote center
- Pagsagot sa mga katanungan ng botante

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-11 ng Disyembre, 2023

Ang mga aplikante ay dapat 18 taong gulang, isang U.S. citizen at nakarehistro upang makaboto sa California, o legal na karapat-dapat na permanenteng residente ng Estados Unidos. Ang mga aplikante ay dapat din may sariling transportasyon papunta sa kanilang nakatalagang vote center.

Ang Tagapagrehistro ay naghahanap ng mga tao na team player, nagpapakita ng malakas na pamumuno at mga kasanayan sa serbisyo sa customer, at nagpapakita ng plexibilidad, pasensiya at ang pinakamataas na lebel ng integridad sa lahat ng oras. Ang mga manggagawa sa botohan ay dapat magrepresenta sa Tagapagrehistro ng mga Botante sa isang propesyonal, at walang partidong pamamaraan.

Ang mga aplikasyon ay available sa sdvote.com. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o mag-email sa pollworker@sdcounty.ca.gov.

###

COUNTYNEWSCENTER